Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG PEBRERO 28, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco. | .. | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |

OFFICE OF THE SANG. BAYAN
Santa Cruz, Laguna
Received by: [signature]
SOLEDAD T. BERNARDINO
Records Officer
3-10-11
Date/Time

DI-DUMALO: **nasa lakad-opisyal**

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 104-T2011**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 1-T2011 / ORDINANSANG PAMBARANGAY BLG. 1-T2011 NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BARANGAY NG DUHAT NA NAGTATAKDA NG KAUKULANG BAYARIN PARA SA MGA BARANGAY CLEARANCE NG MGA BAHAY-KALAKALAN, ESTABLISIMYENTO AT MGA BASIC SERVICES NG BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ang Kapasiyahan Blg. 1-T2011 na naglalayong magtakda ng kaukulang bayarin para sa mga barangay clearance ng mga bahay-kalakalan, establisimyento at mga basic services ng barangay;

**SAPAGKA'T,** ito ay napaliwat sa mga Lupon sa Batas at Lupon sa Barangay Affairs para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKA'T**, matapos ang pagsusuri at malaman ang kapakinabangang maidudulot ng tama at maayos na pagtatakda ng mga kaukulang bayarin para sa mas mahusay na pagseserbisyo sa lalong ikauunlad ng barangay, ayon sa nilalayon ng naturang ordinansa ay ipinasya ng Tagapamuno ng Lupon sa Batas na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan, Florencio C. Odejar, Serafin C. San Juan, Jr. at Rolando Moises E. Acapulco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 1-T2011 / Ordinansang Pambarangay Blg. 1-T2011 ng Kagalang-galang Sangguniang Barangay ng Duhat na nagtatakda ng kaukulang bayarin para sa mga barangay clearance ng mga bahay-kalakalan, establisimyento at mga basic services ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan at Sangguniang Barangay ng Duhat, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 28, 2011**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: **KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan